Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
SANGAY NG CAPIZ
Banica, Roxas City

Ika-13 ng Agosto, 2019

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 118 ,s.2019

2019 PANGKLASTER NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

Sa Mga: Hepe ng Curriculum Implementation Division
Punong-guro sa Sekundarya

1. Ang Sangay ng Capiz ay magsasagawa ng **2019 Pangklaster na Tagisan ng Talento sa Filipino** para sa mga mag-aaral sa sekundarya sa ika-28 ng Agosto, 2019 na idadaos sa sumusunod na paaralan:

   Klaster 1- Capiz NHS
   Klaster 2- Panitan NHS
   Klaster 3- DulanganNHS
   Klaster 4- Jamindan NHS
   Klaster 5- Dao NHS

2. Ang mga layunin ng gawain ay:
   - ❖ mapayabong ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino;
   - ❖ mapaunlad ang malikhaing pag-iisip sa pagtatalumpati; at
   - ❖ mabigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na maipakita ang talento at husay sa pag-arte sa pamamagitan ng interpretatibong pagbasa .

3. Ang paligsahang isasagawa ay dagliang talumpati at interpretatibong pagbasa.

4. Ang bawat paaralan ay magpapadala ng tig-iisang (1) kalahok sa bawat kategorya.

5. Ang rehistrasyon ng bawat kalahok ay isandaang piso (₱ 100.00) na gugulin sa minindal at pananghalian ng mga tagapagdaloy, hurado , medalya, sertipiko, streamer at iba pang kaugnay na gastusin.

6. Ang rehistrasyon, transportasyon at iba pang pinahihintulutang gastusing magugugol sa gawaing ito ay manggagaling sa pampaaralang MOOE/pondong lokal na sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

7. Ang makasasali sa pansangay na tagisan ng talento ay ang makakakuha ng unang lugal sa bawat kategorya.

8. Ang mga kalahok sa bawat klaster ay ang sumusunod:

Klaster 1	Klaster 2	Klaster 3	Klaster 4	Klaster 5
Capiz NHS	Panay	Maayon	Jamindan	Dao
	Panitan	Pilar	Mambusao	Cuartero
	Sapian	Pontevedra	Tapaz	Dumarao
	Ivisan	Pres. Roxas		Dumalag
	Sigma			

9. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

ROEL F. BERMEJO PhD,CESO V
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan